Mensahe Walo

# Si Kristo Bilang Kapistahan ng mga Tabernakulo at bilang Espiritu na Dumadaloy palabas ng mga Mananampalataya Bilang mga Ilog ng Tubig na Buháy

Babasahin sa Kasulatan: Juan 7:2, 37-39; Lev. 23:39-43

**I. Matatamasa natin si Kristo bilang Kapistahan ng mga Tabernakulo—Juan 7:2; Lev. 23:39-43:**

A. Ang Kapistahan ng Paskua ay sumasagisag kay Kristo bilang pagpapasimula ng pagtutubos ng Diyos sa pambatas, at ang Kapistahan ng mga Tabernakulo ay sumasagisag kay Kristo bilang kaganapan ng ganap na pagliligtas ng Diyos sa pang-organiko—Juan 6:4; 7:2; Lev. 23:5, 34.

B. Itinalaga ng Diyos ang Kapistahan ng mga Tabernakulo nang sa gayon ay maalaala ng mga anak ni Israel kung paanong namuhay ang kanilang mga ninuno sa mga tolda (mga tabernakulo) sa kanilang pagpapapagala-gala sa ilang; ang salitang *mga Tabernakulo* sa titulong Kapistahan ng mga Tabernakulo ay nagpapahiwatig ng kaisipan ng pag-alaala—Deut. 16:13-15.

C. Ang kanilang pagtitipon-tipon para sa kapistahang ito upang sumamba sa Diyos at tamasahin ang kanilang bunga mula sa mabuting lupain ay isang tunay na larawan ng paghahalo.

D. Ang realidad ng Kapistahan ng mga Tabernakulo ay isang panahon ng pagtatamasa sa pag-alaala kung paano natin naranasan ang Diyos at kung paano namuhay ang Diyos kasama natin.

E. Ang ating pagtatamasa kay Kristo ngayon bilang Kapistahan ng mga Tabernakulo, sa ating sama-samang pagtitipon-tipon para sa paghahalo upang tamasahin ang kayamanan ni Kristo bilang bunga ng mabuting lupain, ay nagpapaalaala sa atin na tayo ay nasa ilang pa rin at kailangang pumasok sa kapahingahan ng Bagong Herusalem, na siyang walang hanggang tabernakulo—Apoc. 21:2-3.

F. Ang Bagong Herusalem na tinawag na tabernakulo ng Diyos ay para sa mga mandaraig sa unang yugto ng Bagong Herusalem upang alalahanin kung paano sila nanirahan sa mga tolda, namumuhay sa lupa bilang mga estranghero at mga manlalakbay at naghihintay sa walang hanggang tabernakulo, ang lunsod na itinayo ng Diyos, ang mutuwal na tirahan ng Diyos at tao—Heb. 11:9-10, 13:

1. Kung lalakad tayo sa mga yapak ng pananampalataya ni Abraham, kailangan tayong mamuhay ng buhay ng altar at tolda, kinukuha si Kristo bilang ating buhay at ang ekklesia bilang ating pamumuhay—Roma 4:12; Heb. 11:9; Gen. 12:7-8; 13:3-4, 18:

    a. Ang pagtatayo ng altar ay nangangahulugang ang ating buhay ay para sa Diyos, na ang Diyos ay ating buhay, at ang kahulugan ng ating buhay ay ang Diyos—Exo. 40:6, 29; Awit 43:4a; Lev. 1:3, 9.

    b. Ang paninirahan ni Abraham sa isang tolda ay nagpapatotoo na hindi siya nabibilang sa sanlibutan kundi namuhay ng buhay ng isang manlalakbay sa lupa; ang pagtatayo ng tolda ay isang paghahayag, pagdedeklara, na hindi tayo nabibilang sa sanlibutang ito, na tayo ay nabibilang sa isa pang bansa—Heb. 11:9-10, 15-16.

2. Bilang mga totoong inapo ni Abraham (Gal. 3:7), dapat tayong maging mga manlalakbay sa lupa, naglilipat at nagtatayo ng ating mga tolda gaya ng ginawa niya (Heb. 11:9, 13; 1 Ped. 2:11).

3. Pagkatapos itayo ni Abraham ang kanyang unang altar (Gen. 12:7), nagtayo siya ng ikalawang altar sa pagitan ng Bethel at Ai, na magkaibang-magkaiba sa isa't isa (b. 8):

    a. Ang *Bethel* ay nangangahulugang "bahay ng Diyos," at ang *Ai* ay nangangahulugang "isang bunton ng mga guho."

    b. Sa mga mata ng mga tinawag, tanging ang Bethel, ang buhay-ekklesia, ang may halaga; ang lahat ay isang bunton ng mga guho.

4. Si Abraham ay may kanyang kabiguan, at may pagtalikod sa altar at tolda; gayunpaman, sa kanya, mayroong pagbabawi, at ang pagbabawi ay isang bagay ng pagbalik sa altar at sa tolda na may pagtawag sa pangalan ng Panginoon—bb. 9-10; 13:3-4; Roma 10:12-13; 12:1-2.
5. Kalaunan, ang tolda ni Abraham sa Hebron ay naging isang lugar kung saan siya nakipagsalamuha sa Diyos at kung saan makapagsasalamuha sa kanya ang Diyos—Gen. 13:18.
6. Ang tolda ni Abraham kasama ang altar na itinayo niya ay isang paunang pahiwatig ng darating na Tabernakulo ng Patotoo kasama ang altar na itinayo ng mga anak ni Israel—Exo. 38:21.
7. Si Abraham, isang estranghero at manlalakbay, ay "sabik na hinintay ang lunsod na may mga pundasyon, na ang Arkitekto at Tagapagtayo ay ang Diyos"—Heb. 11:9-10, 12-16.
8. Ang tolda ni Abraham ay isang maliit na modelo ng Bagong Herusalem, ang sukdulang tolda, ang sukdulang tabernakulo ng Diyos—Gen. 9:26-27; 12:8; 13:3; 18:1; Apoc. 21:2-3.
9. Habang tayo ay namumuhay sa "tolda" ng buhay-ekklesia, tayo ay naghihintay para sa ganap na kasukdulan nito—ang sukdulang "Tolda ng Pagpupulong," ang Bagong Herusalem—1 Tim. 3:15; Lev. 1:1; Heb. 11:10.

G. Ang Kapistahan ng mga Tabernakulo ay ang pagtatamasa ng Bagong Herusalem, na mapasusukdol muna na maging unang bunga sa milenyal na kaharian bilang isang gantimpala sa mga mandaraig at pagkatapos sa kahulihan ay mapasusukdol na mapasa bagong langit at bagong lupa bilang lubos na pagtatamasa ng ganap na pagliligtas ng Diyos sa lahat ng napasakdal na mananampalataya.

**II. Sa pamamagitan at sa loob ng pagkabuhay na muli, si Kristo bilang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay upang ipamahagi ang buhay at pumasok sa Kanyang mga mananampalataya upang dumaloy palabas bilang mga ilog ng tubig na buháy—Juan 7:37-39; Apoc. 21:6; 22:17:**

A. Ang Espiritung nagbibigay-buhay ay ang napasukdol na Espiritu, ang kaganapan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos—2 Cor. 3:17-18; Gal. 3:14; Fil. 1:19:

1. Ang napasukdol na Espiritu ay ang Tres-unong Diyos pagkatapos Niyang dumaan sa proseso ng pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, at pagkabuhay-na muli—Juan 7:39:
   a. Ang proseso kung saan dumaan ang Tres-unong Diyos upang maging Espiritu ay isang pang-ekonomiya, hindi pang-esensiya, na bagay—1:14; Heb. 9:14; 1 Cor. 15:45b.
   b. Ang *naproseso* ay tumutukoy sa mga hakbang kung saan dumaan ang Tres-unong Diyos sa dibinong ekonomiya; ang *napasukdol* ay nagpapahiwatig na ang proseso ay nakumpleto na; at *ang napasukdol na Espiritu* ay nangangahulugan na ang Espiritu ng Diyos ay naproseso na at naging ang napasukdol na Espiritu na—Juan 7:39.
2. Bago ipinako sa krus at nabuhay na muli ang Panginoong Hesus, ang napasukdol na Espiritu ay "hindi pa"—b. 39:
   a. Ang Espiritu ng Diyos ay naroon na mula sa pasimula (Gen. 1:2), subalit ang Espiritu bilang "ang Espiritu ni Kristo" (Roma 8:9), "ang Espiritu ni Hesu-Kristo" (Phil. 1:19), ay "hindi pa" sa panahon ng Juan 7:39, dahil ang Panginoong Hesus ay hindi pa naluluwalhati.
   b. Naluwalhati ang Panginoong Hesus nang Siya ay nabuhay na muli, at sa pamamagitan ng pagluwalhating ito, ang Espiritu ng Diyos ay naging ang Espiritu ng nagkatawang-tao, ipinako sa krus, at nabuhay na muling Hesu-Kristo—Luc. 24:26; Fil. 1:19.
   c. Ang huling Adan, na siyang si Kristo na nasa laman, ay naging Espiritung nagbibigay-buhay sa pagkabuhay na muli; simula noon, ang Espiritu ni Hesu-Kristo ay kapwa may

dibino at pantaong elemento, kabilang ang realidad ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli ni Kristo—1 Cor. 15:45b; Gawa 16:7; Roma 8:9.

3. Inihinga ng Anak sa pagkabuhay na muli ang napasukdol na Espiritu bilang banal na hininga tungo sa mga disipulo—Juan 20:22:
   a. Inihahayag ng Ebanghelyo ni Juan na si Kristo ay naging laman upang maging Kordero ng Diyos at yaong Siya sa pagkabuhay na muli ay naging Espiritung nagbibigay-buhay; sa gayon, sa Kanyang pagkabuhay na muli ay inihinga Niya ang Kanyang sarili bilang napasukdol na Espiritu tungo sa mga disipulo—1:29; 20:22.
   b. Bilang Espiritu na Siya ay inihinga tungo sa Kanyang mga disipulo; bilang Espiritu na maaari Siyang mabuhay sa loob ng mga disipulo at bigyang-kakayahan silang mabuhay sa pamamagitan Niya at kasama Niya at na maaari Siyang manahan sa kanila at bigyang-kakayahan silang manahan sa Kanya—b. 22; 14:19-20; 15:4-5.
   c. Ang Kristo na naghinga ng Kanyang sarili tungo sa mga disipulo ay ang Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 15:45b.

B. Ang Espiritung nagbibigay-buhay ay ang timpladang Espiritu, na isinasagisag ng timpladang pamahid na ungguwento kasama ang mga sangkap nito—Exo. 30:23-25; 1 Juan 2:20, 27:
   1. Ang langis na oliba ay sumasagisag sa Espiritu ng Diyos kalakip ang pagkadibino.
   2. Ang mira ay sumasagisag sa mahalagang kamatayan ni Kristo.
   3. Ang kanela ay sumasagisag sa katamisan at pagiging mabisa ng kamatayan ni Kristo.
   4. Ang kalamo ay sumasagisag sa mahalagang pagkabuhay na muli ni Kristo.
   5. Ang kasia ay sumasagisag sa nagtataboy na kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo.

C. Ang Espiritung nagbibigay-buhay ay ang Panginoong Espiritu, ang malahanging Kristo, para sa metabolikong transpormasyon ng mga mananampalataya at para sa paglago at pagtatayo ng Katawan ni Kristo—2 Cor. 3:17-18; 1 Cor. 3:6, 9b, 12a; Efe. 4:16b.

D. Ang normal na buhay-Kristiyano ay nakadepende sa ating pagkakilala at pagdaranas sa Espiritu; kung hindi naging Espiritung nagbibigay-buhay si Kristo, hindi tayo makararanas ng anumang bagay ng Diyos sa Kanyang ekonomiya—1 Juan 5:6; Juan 16:13; 1 Cor. 15:45b; 2:10; 6:17.

© 2024 Living Stream Ministry